FAIR HOUSING ENFORCEMENT PROJECT

TAWAGAN ANG WALANG-BAYAD NA PAMBUONG-ESTADONG HOTLINE SA PATAS NA PAGKAKATAON SA BAHAY

855-679-FAIR (3247)

MAKUKUHA ANG MGA SERBISYO NG INTERPRETER AT TTY RELAY

Lahat ng mga serbisyo sa patas na pagkakataon sa bahay ay ipinagkakaloob nang libre.

Walang iniaatas na pagiging karapatdapat sa kita.

WALANG-BAYADNA PAMBUONG-ESTADONG HOTLINE SA PAGKAKATAON SA BAHAY

855-679-3247

Ang Alaska Legal Services Corporation ay itinatag noong 1967 bilang isang pribado, di-nagtutubong kompanyang pambatas. Ang aming misyon ay magkaloob ng mataas ang kalidad na mga serbisyong pambatas sa maliit ang kita at naghihirap na mga tao at mga komunidad upang protektahan ang kanilang kaligtasan, kalusugan at itaguyod ang katatagan ng pamilya.

Kami ay nakalaang mag-alis ng pambuong-estadong puwang sa pagitan ng nangangailangan ng tulong na pambatas at ng mga may kakayahang kumuha nito. Kami ay may matatag at matagal nang paninindigang tiyakin na ang mga rural na komunidad ng Alaska ay may kakayahang gumamit ng sistema ng hustisya.

Sa pamamagitan ng pagtataguyod, edukasyon, pagtutulungan at litigasyon binibigyan namin ng kapangyarihan ang mga tao, pinoprotektahan ang mga saligang karapatan, pinalalakas ang mga komunidad, lumilikha ng mga oportunidad at nagkakamit ng hustisya.

Ang gawain na nagbigay ng batayan para sa publikasyong ito ay suportado sa pamamagitan ng pagpopondo sa ilalim ng isang grant sa U.S. Department of Housing and Urban Development. Ang sangkap at mga natuklasan ng mga trabaho ay nakatutok sa publiko. Ang may-akda at publisher ay tanging responsable para sa katumpakan ng mga pahayag at pagpapakahulugan na nakapaloob sa publikasyong ito. Ang ganitong pagpapakahulugan ay hindi kinakailangang sumalamin sa pananaw ng Federal Government.

DISKRIMINASYON SA PABAHAY

PATAS NA PAGKAKATAON SA BAHAY

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

FAIR HOUSING ENFORCEMENT PROJECT

1016 WEST 6TH AVENUE, SUITE 200

ANCHORAGE, AK 99501

855-679-3247

Sino Ang Protektado?

Ginawa ang Federal Fair Housing Act na labag sa batas na magdiskrimina sa pagpaparenta, pagbebenta, pagtustos, o seguro ng bahay na batay sa "Mga Protektadong Uri"na mga ito:

- **Lahi / Kulay**
- **Relihiyon**
- **Bansang Pinagmulan**
- **Kasarian**
- **Katayuang Pampamilya**
  (may mga anak na wala pa sa edad na 18)
- **Kapansanan sa Katawan at Isipan**

Ang ilang mga lokal na batas ay nagbabawal din ng diskriminasyon sa bahay batay sa katayuan sa pag-aasawa, edad, sekswal na oryentasyon, at pagkakakilanlan ng kasarian.

Posibleng Mga Tanda ng Diskriminasyon

"Alam kong sinabi ko sa iyo na may bakante, pero naiparenta ko na ang pinakahuling yunit."

"Nagpaparenta kami sa mga tao lamang na nagsasalita ng Ingles."

"Alam kong ang nakalagay sa renta ay $900, pero ito ay $1,000 para sa mga umuupang may hayop na tagatulong."

"Ang mga pamilyang may mga anak ay makakatira sa unang palapag lamang ng gusali."

"Hindi kayo maaaring magkabit ng grab bar sa banyo."

"Hindi kami makakapagreserba ng espasyong paradahan para sa inyo dahil lamang sa kayo ay may kapansanan."

Ano Ang Ipinagbabawal?

Sa ilalim ng Fair Housing Act, Labag sa Batas, Batay Sa Protektadong Uri, na:

- Tumangging magparenta sa iyo o magbenta sa iyo ng bahay;
- Sabihin sa iyo na ang bahay ay hindi makukuha gayong, sa katotohanan, ito ay makukuha;
- Magpakita sa iyo ng mga apartment o bahay sa mga partikular na kapitbahayan lamang;
- Magtakda ng ibang mga tadhana, kondisyon, o pribilehiyo para pagbebenta o pagpaparenta ng isang tirahan;
- Magkaloob ng ibang mga serbisyong kaugnay ng bahay o mga pasilidad;
- Mag-anunsiyo ng bahay sa mas gustong mga grupo o tao lamang;
- Tumangging magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa impormasyon na nauukol sa mga pautang para sa bahay, ipagkait sa iyo ang isang pautang para sa bahay, o magpataw ng ibang mga tadhana o kondisyon sa isang pautang para sa bahay;
- Pagkaitan ka ng seguro sa ari-arian;
- Magsagawa ng paghalaga ng ari-arian sa isang paraan na nagdidiskrimina;
- Tumangging hayaan kang gumawa ng makatwirang mga pagbabago sa iyong tirahan o mga lugar na ginagamit ng lahat, sa iyong gastos, kung kailangan mong lubos na gamitin ang bahay;
- Tumangging gumawa ng makatwirang mga kaluwagan sa mga tuntunin, patakaran, gawain, o serbisyo kung maaaring kailangan mong gamitin ang bahay nang kapantay ng mga taong may kapansanan;
- Hindi magdisenyo at gumawa ng bahay na madaling puntahanr;
- Guluhin, pilitin, takutin, o panghimasukan ang sinumang gumagamit o tumutulong sa iba na gamitin ang kanyang patas na karatapan sa bahay.

Ang Labag sa Batas na Diskriminasyon sa Bahay ay Maaaring Mangyari Kahit Kanino

Paano Kami Makatutulong

Kung sa palagay mo ay naging biktima ka ng labag sa batas na diskriminasyon sa bahay, mangyaring kontakin ang **The Fair Housing Enforcement Project**. Tatalakayin ng isang tauhan ng proyekto ang kalagayan sa iyo at tutulungan kang magpasiya kung ano ang susunod na gagawin.

Sa Aming Mga Serbisyo Ay Kabilang Ang:

- Pagsagot sa mga tanong tungkol sa patas na pagkakataon sa bahay.
- Tulong sa paghaharap ng pormal na reklamo sa U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD) o ibang angkop na mga lupong pampangasiwaan o panghukuman.
- Payo tungkol sa kung paano igiit ang iyong mga karapatan sa bahay.
- Pagbibigay ng mga materyal na nagbibigay ng impormasyon.
- Mga pagrekomenda sa ibang mga organisasyon na makatutulong sa iyong mga pangangailangan ng bahay.
- Pagtuturo sa komunidad ng tungkol sa patas na mga batas sa bahay.

Walang-Bayadna Pambuong-Estadong Hotline sa Pagkakataon sa Bahay

855-679-3247

Alaska Legal Services Corporation

Fair Housing Enforcement Project